

Mga Bata at Kabataang may mga Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan

www.doh.wa.gov/cyshcn

# Impormasyon tungkol sa Bakuna sa COVID-19 at Impormasyon tungkol sa Bakuna sa Trangkaso

## Impormasyon para sa mga tagapangalaga

Lalong mahalaga ang pagpapabakuna para sa Children and Youth with Special Health Care Needs (CYSHCN, Mga Bata at Kabataang may mga Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan) dahil mas nanganganib silang magkasasakit ng COVID-19 at Trangkaso. Ito ay dahil mayroon silang mga umiiral na kondisyon sa kalusugan at malapit nilang nakakasalamuha ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Maaaring nagkakaproblema rin sila sa pagsusuot ng mask, paghuhugas ng kamay, at pagpapanatili ng ligtas na distansiya mula sa ibang mga tao.

Inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) at American Academy of Pediatrics (Akademya sa Pangangalagang Pambata ng Amerika) ang pagpapabakuna sa COVID-19 at Trangkaso ng lahat ng taong edad 6 na buwan pataas.

**COVID-19**

- Inirerekomenda ang bakuna sa COVID-19 ng Pfizer para sa mga taong edad 6 na buwan pataas.
- Inirerekomenda ang bakuna sa COVID-19 ng Moderna para sa mga taong edad 6 na buwan pataas.
- Available ang bakuna sa COVID-19 ng Novavax para sa lahat ng taong edad 12 taon pataas.
- Ganap na ligtas at mabisa ang mga bakunang ito para sa pagprotekta sa mga bata at kabataan mula sa mga impeksiyon sa respiratory o paghinga.

**TRANGKASO**

- Panturok: Para sa mga taong 6 na buwan hanggang 64 na taong gulang, hindi nagrerekomenda ng 1 brand ng bakuna sa Trangkaso kompara sa iba pa. Ang lahat ng bakuna sa Trangkaso para sa 2023-24 ay nagpoprotekta laban sa 4 na strain ng influenza virus. Taon-taong ina-update ang laman ng bakuna upang maitugma ito sa mga pinakabagong laganap na strain.
- Pangwisik sa ilong: Ito ay live attenuated vaccine. Aprobado para sa mga taong edad 2 taon hanggang 49 na taon. Hindi inirerekomenda para sa mga buntis, immunocompromised, nakatatandang nasa hustong gulang, at mga taong may ilang partikular na pinsalang medikal.
- Mataas na dosis at adjuvanted: Gumagawa ng mas malakas na immune response. Inirerekomenda para sa mga taong nasa hustong gulang na edad 65 pataas.

## Bakit dapat magpabakuna ang mga bata?

Makatutulong ang pagpapabakuna upang mapanatiling ligtas ang mga bata habang nasa paaralan at tuwing kasama ang mga kaibigan at pamilya. Ang mga batang nabakunahan ay may mas mababang posibilidad na magkasakit nang malubha, maospital, o mamatay kung magkakaroon sila ng COVID-19.

- Ang mga batang nahawahan ng COVID-19 ay puwedeng magkaroon ng [mga panandalian at matagalang komplikasyon sa kalusugan](#) (sa English), kasama na rito ang "long COVID-19." Ang ilang komplikasyon, tulad ng [multisystem inflammatory syndrome (MIS-C)](#) (sa English), ay puwedeng lumala at humantong sa pagpapaospital at pagkamatay. Ang pagpapabakuna ang pinakamabuting paraan upang mapanatiling malusog at ligtas ang mga bata.
- Ang mga batang nahawahan ng Trangkaso ay puwedeng magkaroon ng mga panandalian at matagalang komplikasyon sa kalusugan, kasama na rito ang mga komplikasyon sa puso.

Ang pagpapabakuna ang pinakamabuting paraan upang mapanatiling malusog at ligtas ang mga bata.

## Maaaring mas nanganganib ang CYSHCN na magkasakit nang malubhang COVID-19 at Trangkaso

Ang mga batang may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan o ilang partikular na kondisyong medikal (sa English) ay maaaring mas posibleng magkasakit nang malubha kung magkakaroon sila ng COVID-19 o Trangkaso. Ang pagpapabakuna ay kritikal na paraan upang protektahan ang mga bata mula sa sakit sa paghinga.

Ang isa pang paraan upang protektahan ang mga bata ay tiyaking ganap nang nabakunahan at nabigyan ng boost ang iba pang mga tao sa kanilang sambahayan. Ibig sabihin, mahalaga ring mabakunahan ang mga magulang at tagapangalaga.

## Ligtas para sa CYSHCN ang mga bakuna sa COVID-19 at Trangkaso

Puwedeng kumuha ng bakuna sa COVID-19 ang mga bata at nasa hustong gulang na may umiiral na kondisyong medikal.
Ang tanging dahilan kung bakit hindi dapat kumuha ng bakuna ang isang tao ay kung nagkaroon siya ng reaksiyong mapagbanta sa buhay (reaksiyong nangangailangan ng epinephrine autoinjector (epi pen, awtomatikong panturok ng epinephrine)) sa alinman sa mga sangkap ng parehong bakuna.

  - Mga Sangkap ng Bakuna sa COVID-19 (sa English)
  - Mga Sangkap ng Bakuna sa Trangkaso (sa English)

Mas maraming benepisyo ang pagpapabakuna kaysa sa mga peligrong hatid nito. Makipag-usap sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa bakuna.

## Mga side effect

Ang mga peligro sa kalusugan na mahawahan ng COVID-19 o Trangkaso ay mas malaki kaysa sa peligro ng mga side effect ng bakuna. Normal lang para sa mga bata ang makaramdam ng ilang side effect pagkatapos mabakunahan. Ang mga pinakakaraniwang side effect ay:

- Pamamaga ng braso
- Pananakit ng kalamnan
- Pagkapagod
- Sakit ng ulo
- Lagnat
- Panginginig

Tanungin sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak kung paano mas mapagiginhawa ang iyong anak kung may mga side effect siya. Mapagiginhawa mo rin siya sa

tulong ng mga aktibidad na tahimik lang. Ang karamihan ng side effect ay nawawala na sa loob ng 1 hanggang 2 araw.

Kung nagkaroon ang iyong anak ng malubhang allergic na reaksiyon sa ibang bakuna, maaari pa rin niyang makuha ang bakuna sa COVID-19 at Trangkaso. Hihilingin sa kaniya ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na maghintay nang humigit-kumulang 30 minuto pagkatapos magpaturok upang bantayan ang anumang agarang reaksiyon.

Napakaliit lang ng peligrong magkaroon ng malalang reaksiyon sa alinman sa dalawang bakuna. Ang peligrong magkaroon ng malalalang sintomas pagkatapos magkaimpeksiyon sa sistema ng paghinga ay mas malaki kaysa sa peligrong magkaroon ng malalalang side effect pagkatapos magpabakuna. Alamin pa ang tungkol sa posibleng malalang side effect ng pagpapabakuna sa COVID-19 dito:

Bakuna sa COVID-19 (sa English)

Bakuna sa Trangkaso (sa English)

**Kung makararanas ka ng medikal na emergency pagkatapos magpabakuna sa COVID-19, tumawag kaagad sa 9-1-1.**

## Paano ko mapababakunahan ang aking anak?

Tanungin ang iyong pediatrician kung mayroon siyang bakuna sa COVID-19 at Trangkaso. Kung wala, puwede mong gamitin ang aming Panghanap ng Bakuna (sa English).

## Paghiling ng mga akomodasyon

Kapag gagawa ka ng appointment o pupunta sa bakunahan, ipaalam sa kawani kung kailangan ng iyong anak ng dagdag na tulong. Halimbawa, baka hindi niya kayang magsuot ng mask o umupo at maghintay pagkatapos magpaturok. Marahil ay naaasiwa siya sa maliliwanag na ilaw at maiingay na kuwarto. Puwede kang humiling ng mga akomodasyon gaya ng:

- Paglalakad pagkatapos magpaturok sa halip na umupo.
- Paghiling sa provider na bakunahan ang iyong anak sa loob ng inyong kotse.
- Pagsama sa paboritong kaibigan ng iyong anak sa appointment.
- Pagpapabakuna sa iyong anak sa isang tahimik na kuwartong malayo sa mga tao.

## Saan ako makahahanap ng iba pang impormasyon?

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbabakuna sa kabataan:

Para sa COVID-19, pumunta sa VaccinateWA.org/Kids

Para sa Trangkaso, pumunta sa Flufreewa.org (sa English)

Iba pang resource:

- Patnubay mula sa American Academy of Pediatrics tungkol sa Pangangalaga para sa CYSHCN sa Panahon ng Pandemya (sa English).
- Impormasyon at Suporta sa Trangkaso ng CDC para sa Mga Taong may mga Kapansanan (sa English).

- Mga Resource sa COVID-19 para sa CYSHCN (sa English) mula sa Lucile Packard Foundation.
- Impormasyon at Suporta sa COVID-19 (sa English) mula sa Informing Families (Pagbibigay-alam sa mga Pamilya).
- Gabay sa Trangkaso para sa mga Magulang (sa English) na tumutulong na protektahan at alagaan ang kanilang mga anak mula sa/na may Trangkaso.
- Ang Card para sa Pakikipag-usap tungkol sa Bakuna sa COVID-19 (sa English) ng Department of Health at ang Kuwentong Panlipunan (sa English) ng Center for Dignity in Healthcare for People with Disabilities (Sentro para sa Dignidad sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga Taong may mga Kapansanan) ay makatutulong sa pakikipag-usap sa bata o kabataan tungkol sa bakuna.
- Ang linya ng telepono para sa BLIND COVID Access (360-947-3330) ay nagbibigay-daan sa mga taong bulag o may malabong paningin na magtanong tungkol sa access sa mga resource na may kinalaman sa COVID-19. Mangangasiwa ang BLINDCOVID.com (sa English) ng mga karagdagang resource at komunikasyon tungkol sa pagsusuri ng bakuna, mga bakunahan, at pagharap sa pang-araw-araw na pamumuhay sa gitna ng pandemya.
- Para sa mga tanong na partikular sa CYSHCN, mag-email sa cyshcn@doh.wa.gov.

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.